**International Journal of Research Studies in Education**
2024 Volume 13 Number 5, 55-67




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Experience of non-major teachers in Filipino sa Piling Larang-Akademik

Bausa, Mary Rose L. ✉
*Sorsogon State University, Philippines (larosamelot@gmail.com)*
Marbella, Felisa D.
*Sorsogon State University, Philippines (felymarbella03@gmail.com)*

**Received**: 11 April 2024 **Revised**: 23 April 2024 **Accepted**: 15 May 2024
**Available Online**: 15 May 2024 **DOI**: 10.5861/ijrse.2024.24021

***Abstract***

This study aims to determine the experiences of non-Filipino major teachers teaching *Filipino sa Piling Larang–Akademik* in Senior High. The researcher used a descriptive survey to gather necessary research data. An interview and checklist were conducted by the researcher to obtain the required study data. Data were analyzed, examined, and interpreted with the aid of appropriate frequency counts or rankings. Various profiles of non-major teachers were assessed in terms of gender, age, completed course and major, educational attainment, years of teaching Filipino, and attended training/seminars. This study identifies the experiences including challenges in using the Filipino language and the problems faced by non-Filipino major teachers teaching Filipino which had both positive and negative effects. As a result of the study, it was recommended to focus on teachers teaching outside their majors. Attending training or seminar workshops provided by the KWF or any organization promoting the Filipino language would be beneficial for enhancing their knowledge of modern teaching methods or strategies. Continuing studies at a higher level, such as obtaining a Master's degree in Filipino, was recommended to further increase their language proficiency, especially in teaching Filipino. Addressing the challenges faced by teachers, particularly the lack of knowledge in technical Filipino terminology, was emphasized. Technical assistance from subject matter experts or experienced teachers in Filipino instruction was suggested. Focus should be placed on the positive effects on non-major teachers in teaching the Filipino Subject. Moreover, providing broader solutions to its negative effects was advised.

***Keywords:*** experience, non-major, Filipino (language), selected subject - academic track, profile

© The Author(s) / Attribution CC BY

# Experience of non-major teachers in Filipino sa Piling Larang-Akademik (Danas ng mga Gurong di-Medyor sa Filipino sa Piling Larang-Akademik)

## 1. Abstrak

Natiyak sa pananaliksik na ito na malaman ang mga karanasan ng mga gurong di-medyor na nagtuturo ng Filipino sa Piling Larang - Akademik sa Senior High School. Deskriptib sarbey ang ginamit ng mananaliksik sa paglikom ng mga datos na kinailangan ng pananaliksik. Ang respondent sa pag-aaral ay 13 na mga gurong di-medyor na nagtuturo ng Filipino sa Piling Larang – Akademik mula sa Senior High School, taong panuruan 2023-2024. Isang interbyu at tseklist ang isinagawa ng mananaliksik upang makuha ang kinakailangan datos sa pag-aaral. Inalisa, sinuri at binigyan ng interpretasyon sa tulong ng nararapat na frequency count o pagraranggo. Iba-ibang propayl ng mga gurong di-medyor sa pagtuturo ng Filipino sa Piling Larang – Akademik pagdating sa kasarian, edad, kursong natapos at medyor, antas ng edukasyong natamo, taon sa pagtuturo sa filipino, at sa mga dinaluhang pagsasanay/seminar. Ang mga karanasan ng mga gurong di-medyor sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Piling Larang – Akademik ay ang kahirapan sa paggamit ng wikang Filipino. Ang mga suliraning kinakaharap ng mga gurong di-medyor sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Piling Larang- Akademik. Mayroong positibo at negatibong epekto sa mga gurong di-medyor ang Pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Piling Larang – Akademik. Inirekomenda na bigyang-pansin ang mga gurong nagtuturo na taliwas sa kanilang medyor. Makatutulong ang pagdalo ng mga guro sa mga pagsasanay o seminar-worksyap na ibinibigay ng KWF o anumang samahang nagtataguyod ng wikang Filipino upang mas lalong madagdagan ang kanilang kaalaman hinggil sa makabagong pamamaraan o estratehiyang pampagtuturo. Ipagpatuloy ang pag-aaral sa mas mataas na lebel gaya ng pagkuha ng Masteral sa Filipino upang higit na madagdagan ang kanilang kaalaman sa paggamit ng wika lalo na sa pagtuturo ng Filipino. Bigyang-pansin ang mga suliraning kinakaharap ng mga guro lalo na ang kakulangan sa kaalaman sa mga teknikal na terminolohiya sa Filipino. Magbigay ng mga teknikal na tulong ang mga dalubguro o ang mga gurong medyor sa Pagtuturo ng asignaturang Filipino. Pagtuunan ang mga positibong epekto sa mga gurong di-medyor sa Pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Piling Larang – Akademik. Lalo pa ang pagbibigay ng mas malawak na solusyon sa negatibong epekto nito.

***Susing-salita:*** danas, gurong di medyor, Filipino, Piling Larang-Akademik, propayl

## 2. Introduction

Ang pagtuturo ng Filipino sa iba't ibang larangan ng akademiko ay may malaking papel sa pagpapaunlad ng kasanayan sa wika ng mga mag-aaral. Sa pag-unlad ng panahon, ang siyang pangangailangang magturo ng mga asignaturang malayo sa medyor ng isang guro. Ang kanilang karanasan sa pagtuturo ay sumasalamin hindi lamang ng kanilang kakayahan bilang mga guro kundi pati na rin ng kalidad ng edukasyon na kanilang naibabahagi. Sa pamamagitan ng kanilang mga pamamaraan sa pagtuturo, ang mga gurong ito ay nagpapakita ng pagmamalasakit sa pagpapaunlad ng wikang Filipino. Ang kanilang husay at dedikasyon ay naglalayong hindi lamang magbigay ng kaalaman sa mga mag-aaral kundi pati na rin ang paghubog sa kanilang pagkatao bilang responsableng mamamayan ng bansa. Sa tuloy-tuloy na pagsulong ng edukasyon sa bansa, mahalaga ang patuloy na pagbibigay-halaga at pagpapahalaga sa mga gurong may mahusay na pagtuturo ng Filipino sa iba't ibang larangang akademiko. Sa ganitong paraan, maaaring masiguro ang pagpapatuloy ng pag-unlad at pagpapalalim ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral.

Ang pagsasabatas ng Batas Republika Blg. 10533, o Enhanced Basic Education Act of 20131, ang naging pundasyon ng pagpapatupad ng K to 12 kurikulum. Isang batas na nagpapabuti sa sistema ng batayang edukasyon sa pilipinas sa pagpapalakas ng kurikulum nito at pagdadagdag ng bilang ng mga taon para sa batayang edukasyon, paglalaan ng pondo para rito at para sa iba pang layunin. Ito ay mahalagang hakbang upang masiguro na ang mga mag-aaral ay mas mahusay at handa sa mga hamon ng buhay pagkatapos ng kanilang

pag-aaral. Sa pagpapakilala ng Senior High School, ang mga mag-aaral ay binibigyan ng karagdagang pagkakataon na mapalawak ang kanilang kaalaman at kasanayan sa iba't ibang larangan at disiplina. May mga espesyalisasyon na inaalok sa Senior High School na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na magpokus sa kanilang interes at plano sa karera.

Kaya, sinasabing may malaking impluwensiya ang guro sa mga mag-aaral, kung saan inaasahang may mataas na pananagutan, kakayahan, at tiwala sa sarili ang guro upang magampanan ang tungkulin nang mahusay, kahit na sila ay baguhan sa pagtuturo at ang asignaturang ituturo ay labas sa kanilang espesyalisasyon. Gayunpaman, hindi pa rin maiiwasan sa sistema ng edukasyon ang kakulangan sa mga guro, lalo na sa harap ng patuloy na pagtaas ng bilang ng mga mag-aaral sa ating bansa. Lumalabas na maraming unfilled teaching positions o kulang na mga guro sa DepEd kung kaya, hindi kataka-taka na may mga guro na walang pag-aalinlangan na tinatanggap ang mga hamon sa pagtuturo kahit na ito ay labas sa kanilang nakagisnang ituro at espesyalisasyon.

Sa katunayan, nakapaloob sa Seksiyon 12, ng Batas Republika Blg. 105332, ang tungkol sa Pagtuturo at Pagsasanay sa mga Guro upang matiyak na natutugunan ng programa sa pinabuting batayang edukasyon ang mga kahingian para sa mahuhusay na guro at pinunong pampaaralan, magsasagawa ang DepEd at CHED ng mga programa para sa pagtuturo at pagsasanay sa mga guro, sa pakikipagtulungan ng mga kaugnay na katuwang sa pamahalaan, akademya, industriya, at mga samahang di-pampamahalaan. Ang mga naturang programa sa pag-unlad na propesyonal ay pasisimulan, isasagawa, at tatayain nang regular upang matiyak ang palagiang pagpapataas sa mga kasanayan ng guro. Ito ang kailangan ng mga kaguruan upang lalo pang madagdagan ang kanilang kaalaman hinggil sa asignaturang kanilang itinuturo.

Ayon sa DepEd Memorandum 475, s.20073 ay nagkaroon ng Pambansang Seminar-Worksyap sa mga makabagong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino sa mga gurong medyor at di-medyor sa Filipino upang mabigyan ng kaalaman at matulungan ang mga kaguruan na maipahayag ng kapaki-pakinabang ang mga paksang kanilang itinuturo sa mga mag-aaral. Sa nakalipas na mga taon, naging kabahagi ang mga guro sa Senior High School ng ilang capacity-building trainings at seminar upang mapaghandaan nila ang kaukulang nilalaman at kasanayang pedagohikal. Ang mga training at seminar na ito ay itinataguyod sa pamamagitan ng DepEd Memorandum No. 105, s. 2016 Senior High School (SHS) Training of Teachers for the K to 12 Basic Education Program4, at ang DepEd Order No. 35, s. 20165 kung saan ang pagkakaroon ng Learning Action Cell bilang programa ng DepEd ay nagbibigay ng kadalubhasaan at mga estratehiya sa mga kaguruan para sa pagsasaayos ng pagtuturo at pag-aaral. Ito rin ang nagbibigay daan upang magpalitan ng kuro-kuro o mapag-usapan ang solusyon sa isang partikular na problema lalo na sa ganitong sitwasyon na may mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino kahit na hindi man nila ito medyor. Makatutulong din ang pagdalo ng mga guro sa mga seminar-worksyap na nagtataguyod ng wikang Filipino upang mas lalong madagdagan ang kanilang kaalaman hinggil sa makabagong pamamaraang pampagtuturo.

Bunga ng mga nailahad na suliranin, ang mananaliksik ay humantong sa pagsasagawa ng isang pag-aaral upang galugarin ang mga danas ng mga gurong di-medyor sa pagtuturo ng Filipino dahil sa kasalukuyang pinagtuturuan ng mananaliksik ay may mga gurong nagtuturo ng Filipino sa Piling Larang - Akademik sa Senior High School kahit na hindi man ito ang kanilang pinagtapusang medyor. Batay dito, nagiging suliranin na rin ng mga guro ang mga gawaing pang-asignaturang Filipino dahilan sa ang tumutugon lamang ay isa o dalawang kwalipikadong guro na medyor sa Filipino. Ang karanasan nila ang naging dahilan at nag-udyok sa mananaliksik na isagawa ang nasabing pag-aaral upang ipaabot at masagot ang panawagan ng mga kaguruan sa suportang kinakailangan mula sa kinauukulan at matugunan ang pangangailangan ng mga gurong di-medyor na nagtuturo ng Filipino sa Piling Larang - Akademik.

***Layunin ng pag-aaral -*** Natiyak sa pag-aaral na ito na malaman ang karanasan ng mga gurong di-medyor sa pagtuturo ng Filipino sa Piling Larang – Akademik sa Senior High School. Tinukoy din ang 1] profayl ng mga respondent ayon sa kasarian, edad, kursong natapos at medyor, antas ng edukasyong natamo, taon sa pagtuturo

sa Filipino, at d inaluhang pagsasanay/seminar. 2] mga karanasan ng mga gurong di-medyor sa pagtuturo ng Filipino 3] mga suliraning kinakaharap ng mga gurong di-medyor sa pagtuturo ng Filipino sa Piling Larang – Akademik. 4] mga epekto sa mga gurong di-medyor sa pagtuturo ng Filipino.

## 3. Pamamaraang ginamit

Natiyak sa pananaliksik na ito na malaman ang mga karanasan ng mga gurong di-medyor na nagtuturo ng Filipino sa Piling Larang - Akademik sa Senior High School sa Dibisyon ng Lungsod Sorsogon, taong panuruan 2023-2024. Deskriptib sarbey ang ginamit ng mananaliksik sa paglikom ng mga datos na kinailangan ng pag-aaral. Ang kalahok sa pag-aaral ay 13 na mga gurong di- medyor na nagtuturo ng Filipino sa Piling Larang – Akademik mula sa Senior High School, taong panuruan 2023-2024. Isang sarbey at panayam ang isinagawa ng mananaliksik upang makuha ang kinakailangan datos sa pag-aaral. Ginamit ang frequency count sa pagtukoy ng nakapaloob sa profayl ng mga respondent. Isinagawa rin ang pag-analisa sa mga naging karanasan at ang naging epekto sa mga gurong di-medyor sa pagtuturo ng Filipino. Ginamit din ang frequency count at pagrarango upang matukoy ang mga suliraning kinakaharap ng mga gurong di-medyor sa pagtuturo ng Filipino sa Piling Larang – Akademik.

## 4. Natuklasan

### *4.1 Profayl ng mga respondent batay sa kasarian, edad, kursong natapos at medyor, antas ng edukasyong natamo, taon sa pagtuturo sa Filipino at dinaluhang pagsasanay/seminar*

Makikita ang profayl ng mga gurong di-medyor na nagtuturo ng Filipino. Inilalahad dito ang kasarian, edad, kursong natapos at medyor, antas ng edukasyong natamo, taon sa pagtuturo sa Filipino at dinaluhang pagsasanay/seminar.

**Talahanayan 1**

*Kasarian*

| Kasarian | Bilang |
|---|---|
| Lalaki | 7 |
| Babae | 6 |
| Kabuoan | 13 |

Makikita sa Talahanayan 1 ang kasarian ng mga kalahok ng pag-aaral. Mapapansin na ang kasarian ay may pito (7) na lalaki at anim (6) lamang ang babae. Mas maraming lalaki kumpara sa babae ang di-medyor na nagtuturo ng Filipino sa Piling Larang – Akademik. Lumalabas na maraming gurong lalaki ang nagtuturo ng Filipino dahilan sa ginusto rin nila, ang iba ay walang ibang magtuturo at naatasan lamang silang mabigyan ng asignaturang kahit hindi naman nila ito medyor. Ngunit wala hindi naman basehan ang kasarian sa pagtuturo ng mga di-medyor sadyang ang mga ito lamang ang mga maaring magturo.

Batay sa pag-aaral nina Riordain at Hanniganv (2011) walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasarian at mga kwalipikasyon sa pagtuturo. Dagdag pa ni Lam (2010) na walang epekto ang kasarian ng mga guro sa pagkamit ng tagumpay ng mga mag-aaral. Resulta ng ilang pag-aaral ay nagpapakita na walang anumang makabuluhang pagkakaiba at mahahalagang papel sa pagitan ng mga kasanayan at kakayahan sa pamamahala ng silid-aralan ng mga guro na lalaki at babae (Sivri, 2012).

Mapapansin sa Talahanayan 2 na ang edad ng mga gurong di-medyor na nagtuturo ng Filipino ang nakararami ay 25-30 na may ANIM (6) kalahok ang sumagot. Sinundan ito ng may edad 31-35 na may LIMA (5) kalahok. May tig-isang kalahok naman ang edad 36-40 at 46-50. Nangangahulugan ito na mas maraming kalahok ang may edad 25-30, sila'y nabigyan ng pagkakataon na makapagturo ng Filipino kahit hindi man nila ito medyor. Ito rin ang edad na marami pa ang maisasagawa sa pagpapaunlad ng kaalaman patungkol sa wika at

akademiko. Mahuhusay pa silang magsaliksik ng karagdagang impormasyon sa internet na makatutulong upang mas mapaganda ang daloy ng kanilang pagtuturo.

**Talahanayan 2**

*Edad*

| Edad | Babae | Lalaki | Kabuuan |
|---|---|---|---|
| 46-50 | 0 | 1 | 1 |
| 41-45 | 0 | 0 | 0 |
| 36-40 | 0 | 1 | 1 |
| 31-35 | 2 | 3 | 5 |
| 25-30 | 4 | 2 | 6 |
| Kabuoan | 6 | 7 | 13 |

Ang mga guro na nagtuturo sa labas ng kanilang disiplina ay karaniwang may ilang katangiang pare-pareho: sila ay mga batang guro na may kaunting karanasan sa larangan ng pagtuturo at may sapat na tagumpay sa larangan ng edukasyon na nagtatrabaho (Zhou, 2012)[9]. Dagdag pa nina Branzuela, Ayro, at Cruz-Vidal (2023)[10] na mas karaniwan na ang mga mas bata at bago sa propesyon na mga guro ay itinatalaga sa mga asignaturang hindi nila medyor kumpara sa mga guro na may mas matagal na karanasan sa pagtuturo.

**Talahanayan 3**

*Kursong Natapos at Medyor*

| Kurso at Medyor | Babae | Lalaki | Kabuuan |
|---|---|---|---|
| BSED-English | 4 | 2 | 6 |
| BS Commerce- Accounting | 1 | 0 | 1 |
| BSED- Biological Science | 1 | 0 | 1 |
| BSAD- Agri. Education | 0 | 1 | 1 |
| BSED- Physical Education | 0 | 1 | 1 |
| BSED- Physical Science | 0 | 1 | 1 |
| BT- Automotive | 0 | 2 | 2 |
| Kabuoan | 6 | 7 | 13 |

Sa Talahanayan 3 makikita na mas nakararami ang BSED-English na may anim (6) na kalahok ang nagtuturo ng Filipino. Sinusundan ito ng BT-Automotive na may dalawang (2) kalahok, sila'y naatasang bigyan ng karagdagang asignatura na magtuturo ng Filipino sa akademiko. Ang mga mga guro na di-medyor ng asignaturang Filipino ay mayroon ng iba't ibang mga kurso. Ang datos na nakalap ay nagpapakita lamang na ang mga guro ay handing magturo kahit ito ay hindi nila medyor na asignatura. Hindi hadlang sa mga guro na bigyan sila ng ibang asignatura upang ituro. Ang implikasyon nito ay maaaring may kakayahang magturo sa asignaturang Filipino ang mga guro. Subalit, mahalaga pa rin na bigyang-pansin ang mga espesyalisasyon at pagsasanay sa pagtuturo ng wika at panitikan upang matiyak ang kalidad ng edukasyon na ibinibigay sa mga mag-aaral.

Sa mga pag-aaral nina Ponsaran (2017) at Kelly (2016), ipinakita lamang nito ang kakayahan ng mga guro sa Pilipinas na magampanan nang maayos ang mga hamon na kanilang kinakaharap. Ito ay napakahalaga dahil hindi lamang ito nagpapakita ng kanilang kakayahan mabuhay kundi ito rin ang naglalarawan ng isang guro na may malawak na kaalaman at kakayahan. Ang mga pahayag ni Bayani at Guhao (2017) at Hobbs (2012) ay naglalarawan ng pagtuturo ng ibang asignatura ay bilang isang pagkakataon upang mapalawak ang sariling kakayahan at kasanayan bilang guro. Ipinapakita rin nito na ang guro ay dapat magpursige sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman at hindi lamang limitado sa iisang disiplina.

Mapapansin sa talahanayan 4 na may isa (1) kalahok na matagumpay na nakapagtapos ng masteral sa kursong Master in Business Administration. Ang ibang kalahok ay patuloy pang nag-aaral ng masteral sa kani-kanilang kinuhang kurso o medyor. Mapapansin na kahit sila ay nagtuturo ng di-medyor na asignatura ay

patuloy pa rin nilang pinapalago ang kanilang medyor. Hidni hadlang ang pagkakaroon ng ibang itinuturo upang hindi ipagpatuloy ang kanilang medyor.

**Talahanayan 4**

*Antas Ng Edukasyong Natamo*

| Antas ng Edukasyon | Bilang |
|---|---|
| Masteral | 1 |
| Doctoral | 0 |
| Kabuoan | 1 |

Implikasyon lamang nito na kahit na binibigyan ng ibang asignatura ang mga guro ay patuloy pa rin silang nag-aaral ng kanilang medyor. Determinado silang mapabuti ang kanilang kasanayan. Tinitiyak nilang patuloy na nagpapalago sa kanilang larangan sa kabila ng mga hamon. Ayon kay Kloosterman (2014) ang magandang epekto ng maayos na propesyonal na pag-unlad ay ang pangangalaga sa publiko, employer, at karera ng propesyonal. Dagdag pa rito, ito'y nagbibigay sigurado na ang guro ay handa at kaya sumabay sa kasalukuyang antas ng iba sa kanyang larangan. Sinabi ni Collinson et al. (2009) na ang pagpapabuti ng isang sistemang edukasyonal ay nakasalalay sa iba't ibang mga salik, kabilang dito ang pagpapalakas ng mga kasanayan ng mga guro sa pamamagitan ng patuloy na propesyonal na edukasyon.

**Talahanayan 5**

*Taon Sa Pagtuturo Sa Filipino*

| Haba ng Taon | Bilang |
|---|---|
| 1 taon – 3 taon | 8 |
| 4 taon – 6 na taon | 4 |
| 7 taon – 9 na taon | 1 |
| 10 taon – 12 taon | 0 |
| Kabuoan | 13 |

Makikita sa talahanayan 5 ito na mas maraming kalahok ang isang taon hanggang tatlong taon na may bilang na 8 ang taon sa pagtuturo sa Filipino. Sinusundan ito ng apat hanggang anim na taong pagtuturo na may apat (4) kalahok, isa (1) naman sa pito (7) hanggang siyam (9) na taon bilang haba ng pagtuturo sa Filipino. Ang mga gurong di-medyor na nagtuturo ng Filipino ay hindi lamang nabibgyan ng maikling panahon sa pagtuturo nito. Ito ay tumatagal ng ilang taon sa asignaturang Filipino upang ituro ito. Ang mga bagong guro at yaong nasa uanng dekada ng kanilang pagtuturo ay madalas na maatasan na magturo ng di-medyor na mgaasignatura (Tenorio, 2022). Ngunit ayon kay Augusto Jr. (2020) kailangang magbigay ng mga pagsasanay, seminar-worksyap at iba pang gawaing pampaunlad sa mga gurong napili sa ganitong pagtuturo.

**Talahanayan 6**

*Dinaluhang Pagsasanay/Seminar*

| Haba ng Taon | Bilang |
|---|---|
| Pampaaralan | 0 |
| Dibisyon | 1 |
| Rehiyonal | 0 |
| Pambansa | 0 |
| Pandaigdigan | 0 |
| Kabuuan | 1 |

Ang Talahanayan 6 naglalaman ng mga dinaluhang pagsasanay/seminar ng mga gurong nagtuturo ng di-medyor na asignaturang Filipino. Mapapansin rito na tanging isang guro lamang ang mayroong pagsasanay. Ngunit mapapansin na tanging dibisyon lebel lamang ang dinaluhang lebel nito. Implikasyon lamang nito na walang gaanong mga pagsasanay na naisasagawa para mga di-medyor upang pagtibayin at bigyan pansin ang kanilang pagtuturo sa asignaturang Filipino. Ito ay maaaring magresulta ng kawalan ng kasanayan sa pagtuturo ng nasabing asignatura na nauuwi sa kakulangan ng impormasyon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

Banggit ni Raymundo (2021) na pinapalakas ang mga guro sa pamamagitan ng mga seminar at pagsasanay lalo pa ang mga guro na nagtuturo ng di-medyor na asignatura. Ang mga guro na may sapat na pagsasanay at karanasan sa akademiko ay nakikita na may kakayahang gawin ng mahusay sa larangan ng paksa at mga kasanayan sa pagtuturo (Recede, Asignado, at Castro, 2023).

*4.2 Karanasan ng mga gurong di-medyor sa pagtuturo ng Filipino.*

Ang mga gurong di-medyor na nagtuturo ng Filipino ay may iba't ibang karanasan sa pagtuturo nito. Ang mga karanasang ito ay kinalap upang malaman ang mga iba't ibang mga karanasan ng mga guro.

***Kahirapan sa wikang panturo***

Ang kahirapan sa paggamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ay ang karanasan ng mga gurong di-medyor sa Pagtuturo ng Filipino. Ito ay sinusuportahan ng mga pahayag ng mga kalahok na kanilang naranasan ang paghihirap sa paghahatid at pagtalakay ng mga aralin, o kahit na sa pagsagot sa mga maling kaisipan ng mga mag-aaral dahil hindi sila pamilyar sa asignatura lalo pa ang paggamit ng wikang Filipino sa Pagtuturo ng mga asignaturang Filipino. Ang kasanayan sa komunikasyon ay hindi maiiwasan para sa isang epektibong guro upang matulungan ang madaliang pagtuklas ng mga mag-aaral. Sa kabilang dako, ang mga guro na kulang sa kasanayang pangkomunikasyon ay nakakaranas ng mga problema sa pagtuturo sa kanilang mga mag-aaral. Mapapansin ang mga kasagutan ito sa mga kalahok, makikita ito sa mga pahayag sa ibaba:

*Guro 1: Nahihirapan akong magturo minsan gamit ang wikang Filipino sapagkat sanay ako sa discussion na wikang English ang gamit. Minsan nakakapagsalita ako ng English habang nasa kalagitnaan ng pagtuturo.*

*Guro 2: Nahihirapan sa mga matatalinhagang salita at kailangan pang I translate sa wikang Ingles*

*Guro 3: Nahihirapan akong gumamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo, nakikita kung pansin din ng mga mag-aaral na di ko gamay ang aralin.*

*Guro 4: Mahirap ipaliwanag sa mga studyante ang filipino.*

*Guro 5: Ang pagtatanong ng mga mag-aaral sa mga salin ng mga salitang ingles sa Filipino*

*Guro 6: Kakulangan ng kaalaman sa paggamit ng mga teknikal na terminolobiya at mga estratehiyang pampagturo*

Lahat ng mga kalahok ay ipinahayag ang kanilang kahirapan sa pagsasalita ng wikang Filipino lalo na sa mga diskusyon sa klase. Para sa mga kalahok, ang pagpapalalim at pagsasalarawan ng mga aralin sa Filipino ay isang laban para sa kanila dahil sila ay nag-aatubiling magsalita at nauubusan ng mga salita. Hindi maayos na maipaliwanag ng mga guro ang mga aralin dahil hindi sila sanay sa wika na nagiging sagabal sa kanilang pagpapahayag ng mga ideya sa mga mag-aaral.

Ito ay katulad sa konsepto na ang mga guro na kulang sa kasanayang pangkomunikasyon ay nakakaranas ng mga problema sa pagtuturo sa mga mag-aaral (Kruger, 2014). Ang pagtuturo na may sapat na kasanayan sa pakikipag-ugnayan sa mga aralin sa mga mag-aaral ay mas mahalaga kaysa sa simpleng paghahatid ng nilalaman at pagtulong sa pagtuklas ng impormasyon. Upang maging isang epektibong guro, kinakailangan na siya ay marunong makinig nang maingat sa mga mag-aaral, suriin ang kanilang mga komento at tanong, at maayos na magbigay ng feedback sa paraang makakatulong sa pagsuporta sa pagtuklas ng mga mag-aaral.

Ayon kay Ho (2014) ang mga guro ay dapat na maalam na ang diskurso at interaksyon sa silid-aralan ay nangangailangan ng mga guro na maging epektibong tagapag-ugnay upang palalimin ang pag-iisip at tulungan

ang mga mag-aaral na maipon at maiproseso ang nilalaman ng asignatura. Ang epektibong komunikasyon ng guro ay dapat na sumusuporta sa pag-aaral ng mga mag-aaral, at ito ay nauugma sa lahat ng larangan ng asignatura. Ito ay higit pa sa pagbigkas, tono, o pagpapahayag dahil ang isang guro ay dapat na magbigay pansin sa konteksto at layunin ng kanilang komunikasyon kasama ang kanilang mga mag-aaral (Bayani at Guhao, 2017).

*4.3 Suliraning kinakaharap ng mga gurong di-medyor sa pagtuturo ng Filipino sa Piling Larang – Akademik.*

Makikita na iba-iba ang naging suliranin ng mga guro na di-medyor sa pagtuturo ng Filipino. Ang mga suliraning ito ay nagdudulot ng hamon sa pagtuturo ng mga di gaanong bihasa na maaaring magresulta sa pagkakaroon ng hindi epektibong pagtuturo.

**Talahanayan 7**

*Suliraning Kinakaharap ng mga Gurong Di-Medyor Sa Pagtuturo ng Filipino sa Piling Larang – Akademik*

| Suliranin | Bilang | Ranggo |
|---|---|---|
| Kakulangan sa kaalaman sa mga teknikal na sulatin at terminolohiya sa Filipino | 13 | 1 |
| Kakulangan ng kaalaman ng guro sa mga teknik o estratehiya sa larangan ng pagtuturo ng pagsulat | 4 | 7 |
| Kakulangan sa aklat at iba pang kagamitang pangturo | 3 | 10 |
| Hindi sapat ang mga kagamitang pangkasanayan o pagsasanay para sa mga estudyante | 3 | 10 |
| Pagpapanatili ng interes ng mga estudyante sa pag-aaral ng Filipino | 2 | 13 |
| Sapat na kaalaman at kakayahan sa pagtuturo ng Filipino | 5 | 6 |
| Di-lubusang paglinang sa kahusayang magamit ang wikang Filipino sa pagtuturo | 9 | 2 |
| Kakulangan sa pagsasanay o professional development | 7 | 4 |
| Pagtugon sa mga pangangailangan at kahilingan ng mga mag-aaral | 2 | 13 |
| Sapat na oras at pagkakataon na mag-ambag sa mga pagsasanay at pagpapalawig ng kaalaman sa pagtuturo ng Filipino | 8 | 3 |
| Paggamit ng mga makabagong teknolohiya sa pagtuturo ng Filipino | 4 | 7 |
| Kaalaman sa mga makabagong pamamaraan o istratehiyang pampagtuturo | 1 | 16 |
| Motibasyon at pagpapahalaga sa pagtuturo ng wika | 3 | 10 |
| Pagbibigay ng higit na pansin at halaga sa Wikang Ingles (oras, gawain, mga proyekto) | 4 | 7 |
| Hirap sa pagtuturo ng mga matatalinghagang salita/pahayag ang guro at mag-aaral | 6 | 5 |
| Hindi sapat ang kaalaman ng guro sa paggamit ng mga awtentikong kagamitan sa pag-ases sa kaalaman ng mga mag-aaral | 2 | 13 |

Makikita sa talahanayan 7 ang suliraning kinakaharap ng mga gurong di-medyor sa pagtuturo ng Filipino sa Piling Larang – Akademik. Ito ay batay sa mga suliraning kinaharap ng mga gurong di-medyor. Nakakuha ng 13 na tugon mula sa mga kalahok ang Kakulangan sa kaalaman sa mga teknikal na terminolohiya sa Filipino. Ang kakulangan sa kaalaman sa mga teknikal na terminolohiya sa Filipino ay isang karaniwang suliranin sa mga guro lalo pa ang asignaturang itinuturo nila ay naglalaman ng mga teknikal na terminolohiya sa pagsulat sa iba't ibang larangan. Ang kakulangan sa kaalaman sa teknikal na terminolohiya ay maaaring malutas sa pamamagitan ng pagsasanay, pag-aaral, at paghingi ng tulong mula sa mga eksperto sa larangan. Ang mga hakbang na ito ay makakatulong upang mapalalim ang pag-unawa sa mga teknikal na aspeto sa Filipino sa piling larang-akademik.

Ayon Stronge (2018) ang guro ay kailangang may kakayahan na maiparating ang kaalaman na ito nang simple at maikli sa kanilang mga mag-aaral upang mapalalim ang kanilang pang-unawa. Ayon kay Ho (2014) na kinakailangan dapat maging maalam ang mga guro na ang diskusyon at pakikipag-ugnayan sa silid-aralan ay nangangailangan ng mga guro na maging epektibong tagapag-ugnay upang mapalalim ang pag-iisip at matulungan ang mga mag-aaral na maipamalas at maiproseso ang nilalaman ng asignaturang itinuturo lalo na sa mga terminolohiya nito. Ang mga guro na di-medyor ay naglalaan ng maraming oras sa paghahanda ng aralin na kanilang ituturo (Ramli et al., 2017). Bukod dito, kailangan pa nilang maunawaan ang estruktura ng isang aralin, lalo na ang mga hindi nila pamilyar na nilalaman ng isang asignatura (Ramli et al., 2017; Nixon et al., 2017).

Sinundan ito ng Di-lubusang paglinang sa kahusayang magamit ang wikang Filipino sa Pagtuturo. Ito ay

nakakuha ng 9 na bilang mula sa mga kalahok ng pag-aaral. Ang mga di-meddyor ay nagkakaroon ng kahirapang magamit ng tuwiran ang wikang Filipino sa kanilang pagtuturo. Ang pagtutok sa pagsasanay at paglinang ng kahusayang magamit ang Wikang Filipino sa pagtuturo ay makakatulong sa pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon at sa pagpapalaganap ng kaalaman sa wikang ito. Ayon kay Manny (2019), kailangang paunlarin at hasain ng mga guro ang kanilang mga kasanayan upang mahasa ang pag-iisip ng kanilang mga mag-aaral. Kailangan nilang maging handa sa pagtuturo ngunit kailangan din nila ng abilidad upang mabigyan ng motibasyon ang mga mag-aaral. Hindi lamang ito usapin ng kaalaman sa dapat ituro ngunit kung paano maibabahagi ang isang kaalaman.

Ang sapat na oras at pagkakataon na mag-ambag sa mga pagsasanay at pagpapalawig ng kaalaman sa pagtuturo ng Filipino. Ito ay nakakuha ng 8 na tugon mula sa mga kalahok ng pag-aaral. Ang sapat na oras at pagkakataon para sa pagsasanay at pagpapalawak ng kaalaman sa pagtuturo ng Filipino ay nagbibigay-daan sa mga guro na mapanatili ang kalidad ng kanilang pagtuturo at mapanatili ang kahalagahan ng Wikang Filipino sa sistema ng edukasyon. Ang aktibong pakikilahok sa pagpapabuti ng mga guro ay nagpapalawak ng kaalaman, kasanayan, mga halaga, at pananaw ng mga guro, pati na rin ang pinakabagong mga inobasyon sa larangan (Zhao, Yang, Long, & Zhao, 2019). Ayon kay Darling-Hammond at Cook-Harvey (2018), ang pagsasanay at seminar para sa mga guro ay maaaring mapabuti ang kanilang epektibong pagtuturo at kanilang pagpapahalaga sa sarili. Layunin ng propesyonal na pagpapabuti ng mga guro na mapabuti ang mga paraan ng pagtuturo at mga pananaw ukol sa mga gawain sa silid-aralan na mag-aambag sa kalidad ng pagtuturo na matatanggap ng mga mag-aaral (Ajani, 2019).

Ayon kay Osamwonyi (2016), ang ideya na bukod sa karagdagang pag-aaral, mahalaga ang pagdalo sa mga pagsasanay at seminar para sa pagpapabuti at pag-unlad ng propesyonalismo. Sa pamamagitan ng mga seminar at pagsasanay, magkakaroon ng epekto ang propesyonal na pag-unlad ng mga guro sa kanilang mga pagpapasya hinggil sa kanilang kahusayan sa akademikong larangan, motibasyon, at kaligayahan sa sarili (Steinert, O'Sullivan, & Irby, 2019).

*4.4 Epekto sa mga gurong di-medyor sa pagtuturo ng Filipino.*

Ang pagtuturo ng asignaturang Filipino ng mga gurong di-medyor ay nagreresulta ng iba't ibang epekto sa kanila. Ang mga epektong ito ay inuri sa positibo at negatibong epekto sa kanila.

**Talahanayan 8**

*Epekto sa mga gurong di-medyor sa pagtuturo ng Filipino*

| Kalahok | Positibo | Negatibo |
|---|---|---|
| Guro 1 | *panibagong kaalaman na natututunan araw araw* | *Hindi ko na gamay ang pagtuturo ng English dahil sa pagtuturo ko ng Filipino* |
| Guro 2 | *Mas nalilinang ang kakayahang komunikatibo bilang guro na hindi lang makulong sa iisang wika na gagamitin sa pagtuturo.* | *Pagkakamali sa wikang ginagamit sa pagtuturo* |
| Guro 3 | *Natuto ako sa pamamagitan ng iba't ibang paraan at nahasa ang aking kasanayan sa pagtuturo ng Filipino* | *Hindi na tuturo ng maayos ang asignatura* |
| Guro 4 | *Marami akong natutunan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino* | *Maraming oras ang inilalaan ko sa pagsulat ng DLL, mag-isip ng mga estratehiya ay mahirap.* |
| Guro 5 | *Ginusto ko na lang po, imbes na magreklamo kasi for sure may matututunan din naman ako sa pagtuturo ko ng Subject na ito.* | *Sa totoo lang po Ma'am, nung nalaman ko na may subject ako na Filipino, na-sad lang ako, kasi aside sa di ko siya major ay hindi ako kagalingan sa paggamit wikang Filipino* |

Makikita sa Talahanayan 8 ang epekto sa mga gurong di-medyor sa pagtuturo ng Filipino. Ito ay hinati sa dalawa ang positibo at negatibong epekto sa mga di-medyor na guro. Ang iba't ibang mga tugon ng mga

respondent sa epekto at pananaw batay sa personal na mga karanasan ng mga kalahok. Ang mga positibong tugon ng mga kalahok ay makikita na may malaki pa ring tulong sa kanila ang pagkakataon na magturo ng asignaturang Filipino.

*Guro 1: Panibagong kaalaman na natututunan araw araw*

*Guro 2: Mas nalilinang ang kakayahang komunikatibo bilang guro na hindi lang makulong sa iisang wika na gagamitin sa pagtuturo.*

*Guro 3: Natuto ako sa pamamagitan ng iba't ibang paraan at nahasa ang aking kasanayan sa pagtuturo ng Filipino*

*Guro 4: Marami akong natutunan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino*

*Guro 5: Ginusto ko na lang po, imbes na magreklamo kasi for sure may matututunan din naman ako sa pagtuturo ko ng Subject na ito.*

Ang mga pahayag ng mga kalahok ay nagpapakita lamang na nakakatulong sa kanila ang pagtuturo ng asignaturang Filipino upang magkaroon pa sila ng makabagong kaalaman. Ito rin ay nakakatulong sakanilang kakayahan sa komunikasyon at nahahasa ang kanilang kasanayan sa pagtuturo. Ayon kay Yumang (2021) sa bawat pagsubok sa buhay ay maaaring magbunga ng mga malalaking oportunidad. Sa konteksto nito, ang mga oportunidad na ito ay may kaugnayan sa magandang halaga at benepisyo sa pagtuturo ng mga di-midyor na guro. Sa ibang salita, ang pagtuturo ng mga asignaturang hindi nasa kanilang larangan ng espesyalisasyon ay isang malaking oportunidad upang magkaruon ng bagong pananaw, lumabas sa kanyang comfort zone, at magkaruon ng oportunidad sa sariling pagpapakilala. Ito rin ay nagbubukas ng mga pagkakataon upang lumago sa propesyonal na larangan bilang isa sa mga kalamangan nito, at nagdadala ng mas maraming oras at pagsusumikap maipasa ang aralin batay sa pangangailangan ngm ga mag-aaral.

Ang pagtuturo ng mga asignaturang Filipino ay nagpapalawak ng kasanayan ng mga guro, nagtataglay ng tunay na pagmamahal sa asignatura, at nagbibigay lakas sa kanilang pagpapahalaga sa sarili. Bagamat ito'y unang naisip na nakakatagal ng oras, sa paglipas ng panahon, nakakamit ng mga kalahok ang masusing pang-unawa at pagpapahalaga sa asignaturang ito, ginagawang mas makabuluhan sa kanilang pananaw (Bayani at Guhao, 2017).

May mga negatibong epekto rin sa mga gurong di-medyor ang pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang mga sumusunod ay ang mga pahayag ng mga kalahok ng guro:

*Guro 1: Hindi ko na gamay ang pagtuturo ng English dahil sa pagtuturo ko ng Filipino*

*Guro 2: Pagkakamali sa wikang ginagamit sa pagtuturo*

*Guro 3: Hindi na tuturo ng maayos ang asignatura*

*Guro 4: Maraming oras ang inilalaan ko sa pagsulat ng DLL, mag-isip ng mga estratehiya ay mahirap.*

*Guro 5: Sa totoo lang po Ma'am, nung nalaman ko na may subject ako na Filipino, na-sad lang ako, kasi aside sa di ko siya major ay hindi ako kagalingan sa paggamit wikang Filipino.*

Ang mga pahayag na ito ay nagpapakita na nagkakaroon ng negatibong epekto sa mga guro ang pagtuturo ng isang asignaturang hindi saklaw ng kanilang espesyalisasyon. Implikasyon din nito na mas nabibigyan pansin nila ang asignaturang Filipino kaysa kanilang espesyalismong asignatura. Hindi na gaanong nabibigyan ng pagkakataon na maituro ang kanilang pinag-aralang asignatura.

Ayon Childs at McNicholl (2007) ang guro ay nararamdaman ang kakulangan at kawalan ng kakayahan,

kakulangan sa *cognitive challenge*, at kahirapan sa pagbibigay-buhay sa asignatura para sa mga mag-aaral dahil sa limitadong kaalaman. Bukod dito, ang pagtuturo sa labas ng larangan ng espesyalisasyon ay maaaring maka-abala sa pag-unlad ng guro at maaaring humantong sa kanilang pag-alis sa propesyon (Hobbs, 2012). Ang mga karanasan ng mga guro na nagtuturo sa labas ng kanilang espesyalisasyon ay nagpakita ng mga kahirapan, hamon, at kapabayaan at naging karaniwang praktika. Ang isyu ng kalidad ng edukasyon ay naging isang bagay na hindi na binibigyang-pansin kaya't kinakailangan itong ayusin.

## 5. Konklusyon at rekomendasyon

Sa naging pananaliksik natukoy na iba-iba ang propayl ng mga gurong di-medyor sa pagtuturo ng Filipino sa Piling Larang – Akademik sa Senior High School pagdating sa kasarian, edad, kursong natapos at medyor, antas ng edukasyong natamo, taon sa pagtuturo sa filipino, at sa mga dinaluhang pagsasanay/seminar. Ang mga karanasan ng mga gurong di-medyor sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Piling Larang – Akademik ay ang kahirapan sa paggamit ng wikang Filipino. Ang mga suliraning kinakaharap ng mga gurong di-medyor sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Piling Larang- Akademik. Mayroong positibo at negatibong epekto sa mga gurong di-medyor ang Pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Piling Larang – Akademik.

Inirerekomenda na bigyang-pansin ang mga gurong nagtuturo na taliwas sa kanilang medyor. Makatutulong ang pagdalo ng mga guro sa mga pagsasanay o seminar-worksyap na ibinibigay ng KWF o anumang samahang nagtataguyod ng wikang Filipino upang mas lalong madagdagan ang kanilang kaalaman hinggil sa makabagong pamamaraan o estratehiyang pampagtuturo. Ipagpatuloy ang pag-aaral sa mas mataas na lebel gaya ng pagkuha ng Masteral sa Filipino upang higit na madagdagan ang kanilang kaalaman sa paggamit ng wika lalo na sa pagtuturo ng Filipino. Bigyang-pansin ang mga suliraning kinakaharap ng mga guro lalo na ang kakulangan sa kaalaman sa mga teknikal na terminolohiya sa Filipino. Magbigay ng mga teknikal na tulong ang mga dalubguro o ang mga gurong medyor sa Pagtuturo ng asignaturang Filipino. Pagtuunan ang mga positibong epekto sa mga gurong di-medyor sa Pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Piling Larang – Akademik. Lalo pa ang pagbibigay ng mas malawak na solusyon sa negatibong epekto nito. Magsagawa ng mga pag-aaral na magbibigay-tuon sa mga aspektong hindi sakop ng kasalukuyang pag-aaral.

Ito ay may implikasyon sa mga guro na maaaring ayusin ang kanilang pamamaraan batay sa kasarian, edad, antas ng edukasyon, at iba pang katangian ng kanilang mga mag-aaral upang mas mapabuti ang kanilang karanasan sa pag-aaral. Ang pagsasagawa ng dagdag-kaalamang seminar ay makakatulong sa kanila na masuri at maunawaan ang mga makabagong pamamaraan at estratehiya sa pagtuturo ng Filipino. Sa pamamagitan ng pagtuon at pagbibigay halaga sa mga positibong epekto ng pagtuturo ng Filipino sa mga guro, magkakaroon ng mas malawak na pagpapahalaga sa kanilang mga nagawa at magiging insentibo para sa patuloy na pag-unlad at pagsasagawa ng mabuting gawain. Para sa mga mag-aaral, kapag ang mga guro ay mas bihasa sa wikang Filipino at mga makabagong pamamaraan sa pagtuturo, mas madali para sa mga mag-aaral na maunawaan at maipahayag ang kanilang mga ideya at kaalaman. Kung ang guro ay nakakaunawa at naisasaayos ang mga pangangailangan ng bawat mag-aaral batay sa kanilang mga katangian, mas maaaring maging epektibo ang pagtuturo at mas mabilis na magkakaroon ng pag-unawa at tagumpay sa asignaturang Filipino.

## 6. Talasanggunian

Ajani, O. A. (2019). Understanding teachers as adult learners in professional development activities for enhanced classroom practices. AFFRIKA Journal of Politics, Economics and Society, 9(2), 195-208. Available at: https://doi.org/10.31920/2075- 6534/2019/9n2a10.

Augusto, W. S., Jr. (2020). Sulyap sa Buhay ng mga Gurong Nagtuturo ng Filipino bilang Out-of-field: Isang Penomenolohikal na Pagsusuri. The Normal Lights, 14(2), 195 – 220.

Batas Republika Blg. 10533, o Enhanced Basic Education Act of 2013

Bayani, R. T., & Guhao Jr, E. S. (2017). Out-of-field teaching: Experiences of non-Filipino majors. International Journal of Education, 5(11), 91-127.

Branzuela, M. J., Ayro, E. C., & Cruz-Vidal, M. J. D. (2023). Teaching Outside the Box: Senior High School Teaching Experiences, Challenges, and Windows of Innovations of Non-Social Science Majors. International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research, 4(7), 2210-2222. https://doi.org/10.11594/ijmaber.04.07.06

Childs, A., & McNicholl, J. (2007). Science teachers teaching outside of subject specialism: challenges, strategies adopted and implications for initial teacher education. Teacher Development, 11(1), 1-20.

Collinson, V., Kozina, E., Kate Lin, Y. H., Ling, L., Matheson, I., Newcombe, L., & Zogla, I. (2009). Professional development for teachers: A world of change. European journal of teacher education, 32(1), 3-19.

Darling-Hammond, L., & Cook-Harvey, C. M. (2018). Educating the whole child: Improving school climate to support student success. Palo Alto, CA: Learning Policy Institute.

DepEd Memorandum 475, s.2007 Pambansang Seminar-Worksyap sa mga makabagong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino sa mga gurong medyor at di-medyor sa Filipino.

DepEd Memorandum No. 105, s. 2016 Senior High School (SHS) Training of Teachers for the K to 12 Basic Education Program

DepEd Order No. 35, s. 2016 Gabay Pangkurikulum sa Filipino (Baitang 1-10). deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/FilipinoCG.pdf

Ho, C. (2014). The importance of effective communication. Research Within. Retrieved from http://singteach.nie.edu.sg/issue50-people/.

Hobbs, L. (2012). Teaching out-of-field: Factors shaping identities of secondary science and mathematics. Teaching Science: The Journal of the Australian Science Teachers Association, 58(1).

Hobbs, L. (2015). Too many teachers teaching outside their area of expertise. The Conversation, 13.

Kelly, M. (2016). Topkeys to being a successful teacher. Retrieved from http://712educators.about.com/od/teachingstrategies/tp/sixkeys.html.

Kloosterman, V. (2014). The importance of continuing professional development. Continuing Professional Development.

Kruger, P. (2014). Why is it important for a teacher to have good communication skills? Retrieved from https://www.quora.com/Why-is-it-important-for-ateacher-to-have-good-communication-skills

Lam, Y. R., Tse, S. K., Lam, J. W., & Loh, E. K. (2010). Does the gender of the teacher matter in the teaching of reading literacy? Teacher gender and pupil attainment in reading literacy in Hong Kong. Teaching and Teacher Education, 26(4), 754-759.

Manny V. (2019). Isang dakilang propesyon. http://balita.net.ph/2019/09/18/isang-dakilang-propesyonunang-bahagi/

Nixon, R. S., Luft, J. A., & Ross, R. J. (2017). Prevalence and predictors of out- of- field teaching in the first five years. Journal of Research in Science Teaching, 54(9), 1197-1218

Osamwonyi, E. F., (2016). In-service education of teachers: Overview, problems and the way forward. J. Education and Practice, 2 (2):81-87

Ponsaran, C. (2017). Changing shifts, changing tasks: How flexible Are Filipino outsourcing staff? Philippines: Rethink Staffing, Blog, Ilo-ilo. pp: 1.

Ramli, A. A., Ibrahim, N. H., Surif, J., Bunyamin, M. A. H., Jamaluddin, R., & Abdullah, N. (2017). Teachers" readiness in teaching stem education. Man in India, 97(13), 343-350.

Raymundo, M. S. (2021). Teaching Non-Major Subjects: A Challenge to Senior High School Teachers. Journal of Education and Pedagogy, 15(2), 123-135. http://www.urs.edu.ph/wp-content/uploads/publications/the-ursp-research-journal/current-issue/05-Raymundo.pdf

Recede, R. A. A., Asignado, R. A., & Castro, M. A. (2023). Out-of-Field Teaching: Impact on Teachers' Self-Efficacy and Motivation. International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research, 4(2), 519-533. https://doi.org/10.11594/ijmaber.04.02.19

Riordain, M. N., & Hannigan, A. (2011). Who teaches mathematics at second level in Ireland? Irish Educational Studies, 30, 289-304.

Seksiyon 12, ng Batas Republika Blg. 10533 Pagtuturo at Pagsasanay sa mga Guro
Sivri, D.G. (2012). İlköğretim öğretmenlerinin sınıf yönetimi eğilimlerinin belirlenmesi. Yayımlanmamış yüksek lisans tezi, Ankara Üniversitesi, Ankara
Steinert, O'Sullivan, & Irby, (2019). Strengthening Teachers' Professional Identities Through Faculty Development. Academic medicine: journal of the Association of American Medical Colleges. 94. 10.1097/ACM.0000000000002695.
Stronge, J. H. (2018). Qualities of effective teachers. Ascd.
Tenorio, P. A. A. (2022). Capacitating out-of-field public secondary teachers in Batangas Province. *International Journal of Research in Engineering, Science and Management*, *5*(1), 218-225.
Yumang, E. J. R. (2021). Bittersweet Moments In Teaching Non-specialized Subjects Among Senior High School Teachers. *European Journal of Humanities and Educational Advancements*, *2*(8), 7-10.
Zhao, G., Yang, X., Long, T., & Zhao, R. (2019). Teachers perceived professional development in a multi-regional community of practice: Effects of beliefs and engagement. Learning, Culture and Social Interaction, 23(2019), 1-13.
Zhou, Y. (2012). Out-of-Field Teaching: A Cross-National Study on Teacher Labor Market and Teacher Quality. ProQuest LLC. 789 East Eisenhower Parkway, PO Box 1346, Ann Arbor, MI 48106.